



Mga Aktibidad ng Pagpipinta at Pagko-coat

Ang *Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego* ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

- ! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga kanal. *Ang mga tip na ito sa mga aktibidad ng pagpipinta at pagko-coat ay makakatulong para panatilihin malinis ang ating mga daanan ng tubig.*

Pagpipinta

- ☐ Tukuyin kung ang pintura ay may halong tingga o lead*.
- ☐ Magtrabaho sa nakasaradong lugar hangga't maaari.
- ☐ Gumamit ng mga tray na patuluan at tela para saluhin ang mga tapon.
- ☐ Itago ang lahat ng mga materyales na may kinalaman sa pagpipinta nang natatakpan at sa isang nakasaradong lugar.
- ☐ Panatilihin nasa maayos na kondisyon ang mga taguang lalagyan at panatilihin nakatakip nang husto ang mga ito kapag hindi ginagamit.

Paglilinis

- ☐ Itapon ang mga basurang pintura, solvent at thinner bilang mga mapanganib na basura.
- ☐ Linisan araw-araw ang mga lugar na pinagtatrabahuhan, isama ang pag-alis ng mga bitak na pintura at alikabok. Gumamit ng mga tuyong paraan ng paglilinis tulad ng pagwawalis, pagpupunas, pagva-vacuum o pagkalaykay.
- ☐ Maaari lang gamitin ang tubig kapag maaari itong ipunin sa isang lugar at itapon batay sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon. Kung gagamit ng basang paraan ng paglilinis, takpan ang mga kalapit na inlet ng kanal.
- ☐ Banlawan ang mga paintbrush o kagamitan sa mga pangkalinisang imburnal (sanitary sewer) tulad ng lababo at huwag sa mga surface na hindi nakakasipsip ng tubig tulad ng driveway o gutter sa bangketa.

* Ang mga surface na napinturahan bago ang taong 1978 ay maaaring may pinturang may lead. Kinokontrol ng batas ng estado at ng ilang mga lokal na ordinansa ang pag-alis at pagtatapon ng mga pinturang may lead. Responsibilidad ninyo na tukuyin kung ang pintura ay may lead bago alisin at itapon ang pintura. Kontakin ang Lalawigan ng San Diego sa (858) 694-2888, at hilingin na makausap ang Industrial Hygienist, para sa mga pangangailangan sa pag-alis at pagtatapon ng pinturang batay sa lead.

- ! Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng kanal o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. *Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.*

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa **(888) 846-0800** o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.

maaari nating
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

sa kaunting
hakbang lang.

salamat sa paggawa
ng inyong bahagi para
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig.

